

GUSTO KONG MAGLINGKOD SA PANGINOON AT GAWIN ANG KALOOBAN N'YA

“Gusto kong maglingkod sa Panginoon at gawin ang kalooban N’ya”. Ilang beses mo nang nasabi ang mga salitang ito sa tanang buhay mo? Kung balikan mo ang mga nagdaang araw, masasabi mo ba na : Ako ay naglilingkod para sa Panginoon? Ako’y nakakagawa ng mga mahalagang bagay dahil lubos akong nagpagamit sa Kaniya. O di kaya’y tatanungin mo lang ang iyong sarili Ano ba ang mga nagawa ko sa araw na ito o sa linggong ito? Kailan ba ang huling pagkakataong nakagawa ka ng mga bagay para sa ikalulugod ng ating Panginoong Diyos?

Isa ako sa nga tao sa mundong ito na talagang gawin ang mga gawaing ibinigay sa akin ng Diyos dahil nasa libro lahat ang mga dahilan kung bakit hindi ko magawang ipagwalang bahala ang mga bagay na ipinagawa sa akin. May tatlong bagay na nakapagpanatili sa ating gawin natin ang mga gawain o proyekto para sa Diyos. Ito ang **TAKOT**, ang **KATAMARAN** at ang **PAGKAMAKASARILI**. Maraming bagay kasi ang nakapagpagulo sa buhay natin. Masyadong busy tayo sa buhay lalo na ang pagpapabusog sa ating sariling laman. Mahirap pero totoo. Gaano ba kalaki ang gulo sa buhay mo upang hadlangan ka nito na gawin ang ipinagawa sayo ng Diyos?

Lahat ng mga nilalang ng Diyos ay may itinalagang gawain at layunin. Walang nilalang ang Diyos na umuupo lamang sa tabi nagpapaganda at walang ginagawa. Nakakalungkot isipin na sa lahat ng mg nilikha ng Diyos ang sangkatauhan pa ang maraming dahilan kaya di nila nagawa ang mga dapat nilang gawin para sa Panginoon. Pero kapagka may nag-iimbiba para sa isang kasayahan handa nating ipagpaliban lahat ng mga nakaeskyedul na gawain makakapunta lang sa kasayahan.

Bakit? Noong nilalang ba ng Diyos si Adan at Eba sinabihan N’ya ito na: “Sige magpakasaya kayo, magpaganda at gawin nyo lahat ng gusto nyo? Hindi di ba? Dahil ang totoo ay itinalaga sila ng ating Panginoon upang pangangalagaan ang mga nilalang ng Diyos.

Genesis 2:15 “ At kinuha ng Diyos ang tao at inilagay sa Hardin ng Eden para bihisan nila ito at pangalagaan”. Naintindihin nyo ba ang ibig sabihin nito? Ang itinalaga sa atin na gawain ay upang mapangalagaan natin kalikasan at iba pang nilalang. Tingnan nating maigi ang vese na ito. Alam ng Diyos na mayroon na naman tayong naisip na dahilan kaya di na naman tayo makasunod sa Panginoon upang gawin ang gawaing ipinagagawa N’ya. OO nga wala na tayo sa Hardin ng Eden. Kaya’t intindihin nating mabuti baka marami na naman sa atin ang maguguluhan at magtatanong. Ano ba ang itinalagang gawain sa akin ng ating Diyos? Ano ang gagawin ko para magawa ko ito? Ang salitang “**dress**” sa Hebrew ay **abad** ang ibig sabihin ay para magpakahirap, magtrabaho, mag ministry, maglingkod, magbungkal ng lupa at para manambahin sa Diyos. Sabi ng Panginoong Diyos sa Genesis 2:15 ay “bihisan at alagaan ang mga nilalang na nasa Hardin ng Eden”. Ang mga gawain ni Adan ay bungkalin ang lupa at alagaan ang Hardin ng Eden pati na ang mga nilalang ng Diyos sa buong mundo. Itinalaga din s’yang sambahin at gawin ang kalooban ng Diyos buhay nya. At magpasahanggang ngayon ang mga ito pa rin ang mga itinilalagang gawain ng sangkatauhan. Pero ang dami nating palusot kaya di natin mapaglingkuran ang Diyos at

di tayo sumasamba sa kanya. Kung ating titingnan, hindi kailanman nag rereklamo si Adan at si Eba sa mga ipinagawa ng Diyos sa kanila. Nagawa nila ag kanilang mga gawain na may saya at papuri sa Diyos hindi lang ang bungkalin ang lupa pero higit sa lahat ay sinasamba nila at pinapapurihan ang Diyos.

Pero tayo ngayon sobrang daming dahilan natin:

1. “Eh di ko naman alam kung ano ang ipinagawa sa akin ng Diyos”. Kung di mo pa alam ang gawain mo eh di tumingin ka sa paligid mo. Hind ba ang dami mong pwedeng gawin kapatid? Lapitan mo ang iyong pastor at sigurado akong masaya siyang sabihin sayo ang mga gawain na kaya mong gawin. Kulang na kulang ngayon ang mga manggagawa sa simbahan.
2. “Eh di ko alam gawin ang ipinapagawa sa akin ng pastor namin.” Balikan natin si Adan. Sinabi ba ni Adan sa Diyos na hindi nya alam kung paano gagawin ang pagbungkal ng lupa? Walang araro at traktor noong araw paano gawin ni Adan yun? Siguro lang kung nangyayaring nagrereklamo si Adan noong araw sigurado ako na sasabihin sa kanya ng Panginoon: “ Adan binigyan kita ng utak, dalawang paa at dalawang kamay, gamitin mo naman!” Sabi ng Diyos: “ Bibigyan kita ng plano kelangan gawin mo. Kung kailangan mo ang tulong ko sabihin mo lang at darating ako, tutulungan kita.

Ang bawat isa sa atin ay binigyan ng Diyos ng mga gawain hindi lang para sa pisikal nating pangangailangan kundi pati ang pangangalagaan ang espirital na pangangailangan ng bawat isa. Ito ang tinatawag nating ministry, mga gawain mo sa simbahan. Kung sa tingin mo hindi ka handa para gawin ang mga ipinagagawa sa iyo dahil wala kang alam pag-aralan mo at gawin mo ang lahat upang matuto ka. Dahil kapag ka wala kang ginagawa para matuto ka, katamaran na ang tawag nyan. Hindi natutuwa ang Diyos sa mga taong tamad. Kung gagawin mo lang ang itinalaga sayo na gawain sa simbahan man o sa pamilya o di kaya ay sa ibang tao, malalaman mo rin sa kalaunan kung saan ka itinawag ng Diyos. Dadalhin ka N’ya sa lugar na imposible mong mapuntahan. Gusto mo bang magkaroon ng kasagutan ang mga panalangin mo? Maglingkod ka sa Diyos at gawin mo ang mga ipinapagawa sa’yo. Pag-aralan mo ang kanyang mga salita. Hindi naman kailangang magiging titser ka muna o pastor para magkakaroon ka ng malawak na kaalaman sa Bibliya para maisagawa mo ng ayos ang mga gawain mo. Dahil simula noong tinanggap mo si Kristo , itinalaga ka na Niya sa mga gawain mo.

Ang pinakaunang dahilan kung bakit hindi natin nasunod ang kalooban ng Diyos at hindi natin magawa ang mga gawain natin para sa Kaniya ay dahil sa pagkamakasarili natin. Ayaw mong maniwala na makasarili ka? Tingnan mo ang buhay mo. Anu-ano na ang mga ginagawa mo sa buhay? Ilang oras ba ang inilaan mo para sambahin ang Diyos at para gawin ang mga itinalaga N’ya sayong gawain? Totoo na kailangan nating magtrabaho dahil sa ang dami nating bayarin buwan buwan. Pero kasama yan sa mga plano ng Diyos para sa atin. Pero sa lahat na pagkakataon, halos sa lahat ng oras, inilaan natin ito sa pagtatrabaho. Wala na tayong panahon sa Diyos at sa pamilya natin. Kung ganito nga ang nangyayari, wala na tayo sa kalooban ng Diyos nyan sa dalawang rason. Una, kalooban ng Diyos na makasama, buhayin, turuan at pangalagaan ang pamilya natin. Pangalawa, ay ang Diyos. Nasaan na ang oras na dapat nating ilaan para sa Kaniya?

Hindi balanse ang buhay natin sa ngayon. Mas binigyan natin ng halaga ang personal nating pangangailangan at gusto kaya nakalimutan na natin ang ating pamilya at ang ating Panginonng Diyos. Sobrang marami na tayong ginagawa sa buhay natin kaya kailangan nating tumigil at sabihin natin sa ating sarili: Kailangan ko nang magbago dahil masyadong makasarili na ako! Nakalimutan ko na pala na may pamilya ako; na may asawa ako't mga anak; nakalimutan ko pati ang sarili ko at lalong lalo na ang aking Panginoong Diyos. Ito din ang dahilan kung bakit may mga panalangin tayo na di pa rin natugunan ng Diyos. Dahil di na balanse ang buhay natin at di na natin sinusunod ang utos ng Diyos.

Panahon na ngayon upang tayo'y lumuhod at magsisi dahil sa mga diyos-diyosang inuna natin. Panahon na para ibigay nating muli ang ating buhay, ang ating tiwala at pananalig sa ating Panginoong Diyos, ating Manlilikha.

Magsisi tayo mga anak ng Diyos. Magsisi tayong mga makasalanan. Magsisi ka sanlibutan at iwaksi ang kasalanan at pati na nag mga diyos-diyosang ipinalit natin sa ating Panginoon. Gawin natin ito para matamasa natin ang kapayapaan at mga pangako ng ating Panginoon para sa atin.

Kung hindi pa kayo Kristyano at gusto nyong maging Kristyano at gusto nyo ring magkaroon ng kapayapaan sa inyong puso at isipan at kaluluwa; sabayan nyo ako sa simpleng panalangin ng buong puso. ***“Jesus, ako’y makasalanan. Patawarin ninyo ako sa aking mga kasalanan. Pumasok ka sa puso ko at linisin mo ng iyong Banal na Dugo ang lahat ng aking pagkakamali. Naniniwala po ako ng buong puso na Ikaw ang Anak ng aming Buhay na Diyos at naniniwala din ako na muli ka N’yang binuhay galing sa iyong pagkamatay. Hinihiling kong pumasok ka at Manahan ka sa aking puso. Salamat Jesus at nagpakamatay ka sa krus dahil sa aking mga kasalanan. Salamat Jesus at tinubos mo ang aking kaluluwa at nilinis mo ako. Amen.”***

***By Ron Alfredson
Translated by Lima Buckland
Living Truth Ministries (LTM)***

Copyright ©2018 Living Truth Ministries. All Rights Reserved